

## Si Jesus at Si Pedro

### WARM-UP

- May sirang bagay ka na bang inayos na nagmistulang bago? Ano ang nangyari?
- Paano mo ipinapakita sa mga kapamilya o kaibigan mo na mahal mo sila?
- May inayos ka na bang sirang relasyon sa isang kapamilya o kaibigan na nasira dahil sa isang isyu? Ano ang nangyari?

### WORD

*Sa ikatlong ulit ay sinabi ni Jesus, "Simon na anak ni Juan, mahal mo ba talaga ako?" Nasaktan si Pedro dahil tatlong beses na siyang tinanong kung mahal niya si Jesus. Kaya sumagot siya, "Panginoon, alam n'yo po ang lahat ng bagay. Alam n'yo rin po na mahal ko kayo." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Alagaan mo ang aking mga tupa."*

**JUAN 21:17**

(Basahin din ang **JUAN 21:1-16**.)

Si Pedro ang isa sa mga unang apostol na tinawag ni Jesus. Subalit, nang arestuhin ng mga relihiyosong pinuno si Jesus, si Pedro ay isa rin sa mga tumakbo papalayo. Higit pa rito, tatlong beses niyang ipinagkaila na kakilala niya si Jesus. Si Jesus ay ipinako sa krus, ngunit muli Siyang nabuhay. Pagkatapos ay tatlong beses niyang tinanong si Pedro, "*Mahal mo ba ako?*" Sa lahat ng tatlong beses na ito, ang sagot ni Pedro ay, "*Alam n'yo rin po na mahal ko kayo.*" Pinagtaksilan ni Pedro si Jesus nang tumakbo siya palayo at ipagkaila na kilala niya Siya, ngunit makikita natin kung paano ibinalik ni Jesus si Pedro sa tamang relasyon sa Kanya, at dahil dito, nangaral si Pedro sa libo-libong mga tao.

**1****Pinuntahan ni Jesus si Pedro sa kabila ng kanyang ginawa.**

<sup>3</sup>*Sinabi ni Simon Pedro sa kanila, “Mangingisda ako.” Sumagot sila, “Sasama kami.” Kaya sumakay sila sa bangka at pumalaot. Pero wala silang nahuli nang gabing iyon. <sup>4</sup>Nang madaling-araw na, may nakita silang nakatayo sa dalampasigan. Pero hindi nila nakilala na si Jesus iyon.* **JUAN 21:3,4**

Bagamat nagbalik na si Jesus, si Pedro at ang mga disipulo ay bumalik sa paggawa ng pinaka alam nilang gawin: ang mangisda. Ngunit si Jesus, sa kabila ng pagkaila sa Kanya ni Pedro, ay nagpakita ng Kanyang sarili sa mga disipulo. Kapag napapagtaksilan natin si Jesus, minsan ay nakakaramdam tayo ng pagkakasala at hindi natin alam ang gagawin kung hindi ang bumalik sa dati nating paraan ng pamumuhay. Ngunit si Jesus ay lumalapit sa atin sa kabila ng ating mga ginawa. May nagawa ka na ba na pakiramdam mo ay hindi mapapatawad ni Jesus? Paano ka sinuyo ni Jesus sa kabila nito?

.....

.....

**2****Ibinalik ni Jesus si Pedro sa tamang relasyon sa Kanya.**

*Pagkatapos, sinabi ni Jesus kay Pedro, “Sumunod ka sa akin.”* **JUAN 21:19**

Tinanong ni Jesus si Pedro ng tatlong beses, “Mahal mo ba ako?” Ito rin ang parehong bilang ng pagkakaila ni Pedro na kilala niya si Jesus. Sa tatlong beses na ito, ang sagot ni Pedro ay, “Alam n’yo rin po na mahal ko kayo.” Sa bawat beses, ibinalik ni Jesus si Pedro sa tamang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ng paghiling sa kanya na alagaan ang mga disipulo (at kalaunan, ang iglesia). Nagtapos si Jesus sa mga salitang ginamit Niya noong unang beses Niyang tinawag si Pedro: “Sumunod ka sa akin.” Kahit na binigo natin si Jesus, tinatawag Niya tayo na manumbalik sa Kanya, sumunod ulit sa Kanya, at magpatuloy sa pagsasakatuparan ng plano Niya sa ating buhay. Nagalay ka na ba sa kaparehong sitwasyon? Ano ang nangyari?

.....

.....

## Ipinangaral ni Pedro ang ebanghelyo sa libo-libong mga tao.

*Kaya tumayo si Pedro kasama ang 11 apostol, at nagsalita nang malakas, "Mga kababayan kong mga Judio, at kayong lahat na nakatira sa Jerusalem, makinig kayo sa akin, dahil ipapaliwanag ko kung ano ang ibig sabihin ng mga nangyayaring ito."*

### **MGA GAWA 2:14**

Tinapos ni Jesus ang gawain Niya sa mundo, umakyat sa langit, at sinabihan ang Kanyang mga disipulo na hintayin ang pagdating sa kanila ng Kanyang Banal na Espiritu. Dumating ang Kanyang Espiritu nang may ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na hangin, at tumawag ng pansin ng mga Judio at hindi Judio mula sa iba't ibang bahagi na nagpunta sa lugar na iyon para sa Pista ng Pentecostes. Nang makita ni Pedro ang napakaraming tao, nagsalita siya nang malakas at ipinangaral ang mabuting balita ni Jesu-Cristo. Tatlong libo ang naniwala kay Jesus at sumunod sa Kanya. Dahil naibalik si Pedro sa tamang relasyon kay Jesus, patuloy siyang sumunod sa Kanya at sa huli ay nagawa niya ang layunin ng Diyos sa kanyang buhay. Naranasan mo na ba ang kakayahan ng Diyos na gawin ang isang bagay na hindi mo inakalang magagawa mo habang sumusunod ka sa Kanya? Ano ang nangyari?

.....

.....

## **APPLICATION**

- Naniniwala ka ba na si Jesus ay Diyos na nag-aayos ng mga nasirang relasyon, anuman ang ginawa o ikinilos mo? Paano mo pa ito mas maiintindihan simula ngayong linggo?
- May bahagi ba ng buhay mo na gusto Niyang ipa-ayos mo sa Kanya? Ano ang dalawang hakbang na maaari mong gawin tungkol ito?
- Mayroon ka bang mga kakilala na kailangang maibalik sa tamang relasyon kay Jesus? Paano mo mapapalakas ang loob nila gamit ang mahabagin at mapag-ayos na pagmamahal ni Jesus ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatán si Jesús sa pagsasa-ayos Niya ng relasyon mo sa Kanya araw-araw, habang patuloy kang sumusunod sa Kanya. Ipanalangin ang pananalig sa pagmamahal Niya upang magawa mong sumunod sa Kanya araw-araw.
- Hingin kay Jesús na isaayos Niya ang relasyon mo sa Kanya sa bahaging ipinapakita Niya sa iyo. Ipanalangin ang pananalig sa kabutihan Niya habang patuloy kang sumusunod sa Kanya.
- Ipanalangin ang isang tao na alam mong kailangan maibalik sa tamang relasyon kay Jesús. Ipanalangin na habang hinihikayat mo sila gamit ang pagmamahal ni Jesús, magpatuloy sila sa pagsasakatuparan ng plano Niya sa kanilang buhay.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph